# Ang Proseso ng Mga Apela

Nais siguraduhin ng Social Security na ang bawat kapasyahan na ginawa tungkol sa iyong claim sa Social Security o Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI) ay tama. Maingat naming isinasaalang-alang ang lahat ng impormasyon ng iyong kaso bago namin gawin ang anumang mga kapasyahan na makaka-apekto sa iyong pagiging may karapatan o sa halaga ng iyong benepisyo.

Kapag kami ay gumawa na ng kapasyahan tungkol sa iyong claim, padadalhan ka namin ng sulat na nagpa-paliwanag ng aming pagpa-pasiya. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming kapasyahang ito, maaari kang mag-file ng appeal—ang ibig sabihin, hihilingin mo kaming tingnan muli ang iyong kaso.

Kapag humiling ka ng appeal, titingnan namin ang kabuuan ng kapasyahan, pati na ang mga bahagi ng kapasyahang sumasang-ayon sa iyo. Kung mali man ang aming naging pagpa-pasiya, ito ay papalitan namin.

## Kailan at paano ako maaaring mag-appeal?

Kung nais mong mag-file ng appeal, dapat kang gumawa ng nakasulat na kahilingan sa loob ng animnapung 60 araw magmula sa petsa ng tinanggap mo ang aming sulat sa iyo. Ipinapalagay naming natanggap mo ang aming sulat limang araw pagkatapos ng petsang nasa sulat, maliban sa kung maipapakita mo sa amin na natanggap mo ito nitong huli na. Tawagan mo ang iyong lokal na tanggapan ng Social Security kung kailangan mo ng tulong sa iyong appeal.

Kung ikaw ay nag-file para sa mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security o SSI at ang iyong kahilingan (claim) ay tinanggihan dahil sa mga kadahilanang medikal, ikaw ay maaaring humiling ng apela sa aming website, ***www.socialsecurity.gov/disability/appeal***.

## Ilan ba diyan ang levels ng appeal?

Karaniwan ay mayroong apat na levels ng pag-a-appeal. Ang mga ito ay:

- Reconsideration (muling pagsasaalang-alang);
- Pagdinig sa harap ng pangpa-ngasiwaang huwes ng batas ;
- Pagsusuri muli ng Appeals Council; at
- Ang pagsusuri ng Hukumang Federal.

Kapag nagpadala kami sa iyo ng sulat tungkol sa pagpapasiya sa iyong claim, aming sasabihin sa iyo kung papaano i-a-appeal ang kapasyahang ito.

## Reconsideration (Muling Pagsa-saalang-alang)

Ang reconsideration ay ang kumpletong pagsusuri muli ng iyong claim ng taong hindi nakasama sa aming kaunahang pagpapasiya. Aming titingnan ang lahat ng katibayang naibigay mo noong unang ginawa ang kauna-unahang pagpapasiya, at ano pa mang bagong katunayan.

Ang karamihan ng mga reconsideration ay nangangailangan ng pagsusuri ng iyong mga file; hindi na kakailanganing naroroon ka. Ngunit kapag nag-appeal ka ng kapasyahan na nagsasabing wala ka ng karapatang tumanggap ng mga benepisyo para sa may kapansanan dahil ang iyong medikal na kondisyon ay mabuti na, maaari kang makipagkita sa kinatawan ng Social Security upang ipaliwanag sa kanya kung bakit naniniwala kang mayroon ka pa ring kapansanan.

## Pagdinig (Hearing)

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon ng muling pagsasaalang-alang (reconsideration), ikaw ay maaaring humiling ng isang pagdinig. Ang pagdinig ay gagawin ng isang hukom (administrative law judge) na walang naging bahagi sa orihinal na desisyon o sa naging pagsasaalang-alang ng iyong kaso.

Ang pagdinig ay karaniwang ginaganap sa loob ng 75 milya sa iyong tahanan. Ipapaalam sa iyo ng hukom ang oras at lugar ng pagdinig.

Bago ang pagdinig, maaari ka naming tanungin na magbigay sa amin ng karagdagang ebidensya at upang linawin ang impormasyon hinggil sa iyong kahilingan o claim. Maaari mong tingnan ang impormasyon sa iyong file at magbigay ng bagong impormasyon.

Sa pagdinig, ikaw ay tatanungin ng hukom at ang sinumang mga saksi na iyong dadalhin. Ang ibang mga saksi, tulad ng mga ekspertong medikal o bokasyonal, ay maaari ring magbigay sa amin ng impormasyon sa panahon ng pagdinig. Ikaw at ang iyong kinatawan ay maaaring magtanong sa mga saksi.

Sa ilang mga sitwasyon, maaari naming ganapin ang pagdinig sa pamamagitan ng video conference kaysa personal na pagdinig. Ipapaalam namin sa iyo nang mas maaga kung ito ang mangyayari. Sa mga pagdinig na video, maaari naming gawing mas kombenyente ang pagdinig para sa iyo. Kadalasan, ang isang pagpapakita sa pamamagitan ng video ay maaaring itakda nang mabilisan kaysa isang personal na pagpapakita. Gayundin, ang lugar ng pagdinig sa video ay maaaring mas malapit sa iyong tahanan. Ito ay maaaring mas madali para sa iyo na magkaroon ng mga saksi o ibang mga taong sasamahan ka.

Karaniwan ay nasa iyong kapakinabangan na pumunta sa pagdinig (personal man o video conference). Ikaw at ang iyong kinatawan, kung ikaw ay mayroon man, ay dapat pumunta sa pagdinig at ipaliwanag ang iyong kaso.

Kung ikaw ay hindi makakapunta sa isang pagdinig o hindi mo nais pumunta, dapat kaagad mo kaming sabihan sa pamamagitan ng pagsulat kung bakit. Maliban na lamang kung ang hukom ay naniniwala na ang iyong pagharap ay sadyang kinakailangan upang desisyunan ang iyong kaso at kailangan mong pumunta, ikaw ay hindi kailangang

(kabila)

pumunta. O maaari kaming makagawa ng mga pakikipag-ayos (arrangements) para sa iyo, tulad ng pagbabago ng oras o lugar ng iyong pagdinig. Kung ikaw ay dapat mayroong magandang dahilan para kami ay makagawa ng ibang mga pagsasaayos.

Matapos ang pagdinig, ang hukom ay gagawa ng desisyon batay sa lahat ng impormasyon sa iyong kaso, kabilang ang anumang mga bagong impormasyon na iyong ibinigay. Ikaw ay padadalhan namin ng sulat at isang kopya ng desisyon ng hukom.

## Appeals Council

Kung hindi ka pa rin sumasang-ayon sa kapasyahan ng pagdinig, maaari kang humiling ng pagsusuri ng Appeals Council sa Social Security. Ikinalulugod naming matulungan kang hilingin ang pagsusuring ito.

Tinutunghayan ng Appeals Council ang lahat ng mga kahilingan para sa pagsusuring ito, ngunit maaari nitong tanggihan ang isang kahilingan kung pinaniniwalaan nitong ang kapasyahan ng pagdinig ay tama. Kung pinag-pasiyahan ng Appeals Council na suriin ang iyong kaso, sila na mismo ang magpa-pasiya ng iyong kaso o ibabalik nila ang kaso mo sa pangpa-ngasiwaang huwes ng batas na para sa karagdagang pagsusuri.

Kung tinanggihan ng Appeals Council ang iyong kahilingan para sa pagsusuri, padadalhan ka namin ng sulat na nagpa-paliwanag ng pagtatangging ito. Kung susuriin ng Appeals Council ang iyong kaso at gagawa sila mismo ng kapasyahan, padadalhan ka namin ng kopya ng kapasyahang ito. Kung ibabalik ng Appeals Council ang iyong kaso sa pangpa-ngasiwaang huwes ng batas, padadalhan ka namin ng sulat at kopya ng kautusan.

## Hukumang Federal

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpa-pasya ng Appeals Council o kung pinag-pasiyahan ng Appeals Council na hindi suriin ang iyong kaso, maaari kang mag-file ng usapin sa distrito ng hukumang federal. Ang sulat na ipapadala namin sa iyo tungkol sa ginawa ng Appeals Council ay magka-pagsasabi rin sa iyo kung paano hihilingin sa hukuman na tingnan muli ang iyong kaso.

## Magpapatuloy pa ba ang mga benepisyo ko?

Sa ilang mga kaso, maaari kang humiling sa amin na ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo habang kami ay gumagawa ng isang desisyon sa iyong apela. Maaari mong hilingin ang iyong mga benepisyo na magpatuloy kapag:

- Ikaw ay nag-aapela sa aming desisyon na hindi ka na maaari makakuha ng mga benepisyo sa kapansanan ng Social Security dahil ang iyong medikal na kalagayan ay hindi nakakabalda; o
- Ikaw ay nag-aapela sa aming desisyon na ikaw ay hindi na karapat-dapat para sa mga pagbabayad sa SSI o ang iyong kabayaran sa SSI ay dapat bawasan o suspindihin.

Kung gusto mong magpatuloy ang iyong mga benepisyo, dapat kang magsabi sa amin sa loob ng sampung 10 araw mula sa petsa ng tinanggap mo ang aming sulat. Kung tinanggihan ang iyong appeal, maaaring kailangan mong bayaran ang ano mang perang naibayad sa iyo dahil wala ka ng karapatang tanggapin ito.

## Mayroon bang makakatulong sa akin?

Oo naman. Maraming tao ang namamahala ng kanilang sariling mga appeal sa Social Security dahil sa libreng tulong mula na rin sa Social Security. Ngunit maaari kang pumili ng isang abogado, isang kaibigan o ibang tao upang matulungan ka. Maging sino man ang taong ito na itinalaga mo upang tulungan ka ay tatawagin naming "kinatawan" mo. Makikipagtulungan kami sa iyo at ganuon din sa kinatawan mo.

Ang iyong kinatawan ay maaaring gampanan para sa iyo ang karamihan ng mga bagay sa Social Security at makakatanggap din siya ng kopya ng ano pa mang mga kapasyahang gagawin namin tungkol sa iyong claim.

Ang iyong kinatawan ay hindi maaaring sumingil o kumolekta ng bayad mula sa iyo nang hindi kumukuha ng nakasulat na pahintulot mula sa Social Security. Kung nais mo ang karagdagang impormasyon hinggil sa pagkakaroon ng isang kinatawan, humingi ng kopya ng *Ang Iyong Karapatan na Katawanin* (Publication No. 05-10075-TL), o maaari mong mahanap ito sa aming website.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10041-TL
The Appeals Process (Tagalog)
January 2008